# MONKEYPOX

# Gabay ng Pasyente sa Paggamot ng Monkeypox gamit ang TPOXX



Mapupuntahang link: https://www.cdc.gov/poxvirus/monkeypox/if-sick/treatment.html

## MGA DAPAT MALAMAN

- Walang mga paggamot na partikular para sa monkeypox. Ngunit dahil magkatulad ang mga virus na nagdudulot ng monkeypox at bulutong (smallpox), ang mga antiviral na gamot na nabuo upang magprotekta laban sa bulutong ay maaaring magamit upang gamutin ang monkeypox nang mabisa.
- Ang antiviral na gamot na tecovirimat (TPOXX) ay naaprubahan ng Pangasiwaan sa Pagkain at Gamot (Food and Drug Administration, FDA) para gamutin ang bulutong sa mga nasa hustong gulang at mga bata. Ang mga gamot na nabuo para gamutin ang bulutong ay maaaring gamitin para gamutin ang monkeypox.
- Kung niresetahan ka ng TPOXX, hihilingin sa iyong lumagda ng porma ng pahintulot na nagsasaad na nauunawaan mo na ang TPOXX ay isang pinag-aaralang gamot na hindi pa naaprubahan ng FDA para sa paggamot ng monkeypox. Ang ibig sabihin ng pinag-aaralan ay kasalukuyan na walang sapat na datos na magagamit mula sa pagsubok sa mga tao sa kaligtasan at pagka-epektibo ng TPOXX para sa paggamot ng mga taong may monkeypox.
- Kasalukuyang nangyayari ang pananaliksik upang subukan ang kaligtasan at pagka-epektibo para sa lahat ng taong may monkeypox.
- Ang TPOXX ay kasalukuyang para lamang sa mga taong may malubhang sakit na monkeypox at nasa mataas na panganib ng malubhang sakit, tulad ng mga taong may huminang mga sistemang panlaban sa sakit o mga kondisyon sa balat, gaya ng HIV na hindi nasusugpo ang virus at eczema.
- Maaaring makatulong ang TPOXX na hadlangan o bawasan ang malubhang sakit na monkeypox na kinasasangkutan ng mga mata, bibig, lalamunan, ari, at anus (butas ng puwit). Maaari itong magbigay ng ginhawa para sa mga panandaliang sintomas gaya ng pananakit, pamamaga, at mga pagnanana at mga pangmatagalang epekto gaya ng pagpepeklat.
- Kung mayroon kang mga sintomas ng monkeypox, bisitahin ang isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

www.cdc.gov/monkeypox

## Tungkol sa TPOXX

- Ang TPOXX ay para sa mga taong may malubhang sakit o mga nasa mataas na panganib na magkaroon ng malubhang sakit.
- Maaaring mabawasan ng TPOXX ang dami ng virus sa katawan. Itinuturing na pinag-aaralan ang TPOXX para sa paggamot ng monkeypox dahil wala pang magagamit na sapat na datos sa kaligtasan at pagka-epektibo ng TPOXX sa paggamot ng mga taong may monkeypox.
- Ang pananaliksik na nakatuon sa kaligtasan sa malulusog na taong walang impeksyon ng monkeypox virus ay ipinakita na ligtas ang gamot.
- May mga kasalukuyang pag-aaral na tumitingin sa TPOXX bilang paggamot para sa monkeypox sa mga tao. Bilang karagdagan, ang mga nakaraang pag-aaral kabilang ang iba't ibang species ng hayop ay nagpapakita na maaaring maging epektibong paggamot ang TPOXX para sa mga orthopoxvirus (gaya ng monkeypox) sa mga hayop.




- Ang mga gamot na epektibo sa mga pag-aaral sa hayop ay hindi palaging epektibo sa mga tao. Mahalaga ang pagsasagawa ng mga pag-aaral upang suriin ang kaligtasan at pagkamabisa ng TPOXX sa mga taong may mga impeksyon ng monkeypox.
- Hindi pa naaprubahan ng FDA ang TPOXX para sa paggamot laban sa monkeypox. Sa ilalim ng protokol sa pinalawak na akses sa iniimbestigahang bagong gamot (expanded access investigational new drug, EA-IND), ang CDC, sa pakikipagtulungan sa FDA, ay ginawang mas madali para sa mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na ireseta ang TPOXX sa mga taong may monkeypox na mayroon o nasa mataas na panganib ng malubhang sakit.

Magpatuloy sa Susunod na Pahina →

CS334280-H | 09/29/2022

## Ang TPOXX ay hindi angkop para sa lahat

- Ang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay **hindi dapat** ireseta ang TPOXX sa mga taong may mas banayad na mga sintomas ng monkeypox.
- Kapag masyadong madalas na inireseta ang TPOXX sa mga taong may mas banayad na mga sintomas ng monkeypox, maaari nitong pataasin ang tsansa na magkaroon ang monkeypox virus ng resistensya sa gamot. Nangangahulugan ito na maaaring hindi na tumalab ang gamot para sa monkeypox.
- Gumagawa ang CDC at FDA ng mga hakbang upang bawasan ang posibilidad ng resistensya sa gamot sa pamamagitan ng kasalukuyang pagrerekomenda na ireseta lamang ang TPOXX sa mga pinakanangangailangan nito.
- Ang paggamot para sa monkeypox ay dapat ding kabilangan ng mga pagsisikap na pamahalaan ang iyong mga sintomas. Ang mga gamot tulad ng ibuprofren (Advil, Motrin) at acetaminophen (Tylenol) ay makakatulong sa pagbuti ng pakiramdam mo.



## Paano malaman kung angkop ito para sa iyo

Karamihan ng mga taong may monkeypox ay ganap na gumagaling sa loob ng 2 hanggang 4 na linggo nang hindi kailangan ng medikal na paggamot.

Maaaring ireseta ng isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang TPOXX para sa mga sumusunod na tao:

- May malubhang sakit na monkeypox gaya ng:
  - » pagdurugo o naimpeksyong mga sugat/pantal
  - » mga sugat na nagsanib sa mas malalaking sugat
  - » anumang iba pang mga kondisyon na nangangailangan ng pagpapaospital
- May mga immunocompromised na kondisyon (gaya ng HIV na hindi nasusugpo ang virus, leukemia, lymphoma, mga taong sumasailalim sa chemotherapy, organ transplantation, o mga autoimmune na sakit)
- May pantal o mga sugat sa mga bahagi gaya ng mga mata, bibig, lalamunan, ari, at anus (butas ng puwit) na nanganganib sa malubhang sakit sa kapwa panandalian (pananakit, pamamaga, mga pagnanana atbp.) at pangmatagalan (pagpepeklat, atbp.)
- May aktibong sakit o kondisyon na nakakaapekto sa balat (gaya ng atopic dermatitis, eczema, psoriasis, impetigo, malubhang acne, herpes, o mga paso)
- Mga bata, partikular ang mga wala pang 8 taong gulang
- Buntis o nagpapasuso

Kung niresetahan ka ng TPOXX, hihilingin sa iyong lumagda ng porma ng pahintulot na nagsasaad na nauunawaan mo na ang TPOXX ay isang pinag-aaralang gamot na hindi pa naaprubahan ng FDA para sa paggamot ng monkeypox.

Batay sa feedback ng komunidad at sa pangangailangan na maunawaan ang TPOXX para sa paggamot ng monkeypox sa mga taong may malubha at banayad na sakit, ang National Institutes of Health, kasama ng AIDS Clinical Trials Group, ay magsasagawa ng pananaliksik na pag-aaral upang maunawaan ang pagka-epektibo nito. Para sa higit pang impormasyon sa STOMP: study of tecovirimat for monkeypox, bisitahin ang www.actgnetwork.org/studies/a5418-study-of-tecovirimat-for-human-monkeypox-virus-stomp/.

## Paano magbayad para sa TPOXX

- Kasalukuyang libre ang TPOXX.

## Makipag-ugnayan sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan

- Para malaman kung angkop ang TPOXX para sa iyo.
- Kung mayroon kang mga sintomas ng monkeypox.
- Kung lumala ang iyong mga sintomas ng monkeypox.



CS334280-H | 09/29/2022